## Paano Maglikom:

**Tanggalin ang laman at linisin!** Paghiwa-hiwalayin at ayusin ang mga basura sa bahay bago dalhin sa SARCAN.

## Nababanat na Plastik:

Siguraduhing malinis at walang laman bago pagsama-samahin sa isang bag ang mga nababanat na plastic. **Pro Tip!** Gumamit ng tinatanggap na bag sa pag-tipon ng iyong plastik!

Tinatanggap ang mga sticker, tape, at mga tatak na papel na nakadikit sa plastik.

## Packaging na Foam:

Siguraduhing malinis bago paghiwalayin ang puting foam mula sa may kulay na foam. **Pro Tip!** Dahil hindi pwedeng ipagsiksikan ang foam sa bagstand, gumamit ng reusable na bag kapag dinala ang mga ito sa SARCAN!

Kailangang tanggalin ang mga sticker, tape, mga tatak na papel, at mga pad na sumisipsip ng likido.

## Babasaging Bote at Garapon na Hindi Maideposito:

Tanggalin ang mga takip at siguraduhing malinis ang mga ito. **Pro Tip!** Pagsama-samahin ang mga bote at garapon kasama ng iba pang mga babasagin sa isang lalagyanan o karton!

Hindi tinatanggap ang mga basag na bote at garapon.

# SALAMAT SA PAGRE-RECYCLE SA SARCAN!

## Tungkol sa SK Recycles

Ang SK Recycles ay isang non-profit na organisasyon na nangangasiwa sa pag-recycle ng basura at papel mula sa mga tahanan sa buong Saskatchewan.

Nakikipagtulungan sila sa mga produser, lokal na pamahalaan, komunidad ng First Nations at Métis, mga pribadong kumpanya, at iba pang organisasyon upang matiyak na ang mga basura at materyales na nakokolekta mula sa mga tahanan ay naisasala at naire-recycle nang maayos.

Ang programa nila ay pinopondohan ng mga negosyo, kabilang ng mga retailer, manufacturer, at restaurant na nagbibigay ng packaging at papel sa mga residente ng Saskatchewan.

## Bilang Parte ng Iyong Komunidad

Dahil sa aming pakikipagtulungan sa SK Recycles, tinatanggap ng lahat ng 73 SARCAN Recycling depots sa buong Saskatchewan ang nababanat na plastik, foam packaging, at mga babasaging bote at garapon na hindi maideposito. Bisitahin ang sarcan.ca upang makita ang pinakamalapit na lokasyon sa iyo at alamin ang kanilang oras ng operasyon.

## Ipakita ang Iyong sa Pagre-recycle:

Mabilis at madali lang ang pagre-recycle ng mga materyales na ito sa iyong lokal na SARCAN depot!

Pagdating sa depot, hanapin ang karatulang 'SK Recycles' at ang bagstand station

- Ipunin ang mga nababanat na plastik sa isang tinatanggap na bag at ilagay ito sa bagstand.
- Paghiwalayin ang foam ayon sa kulay at ilagay nang paisa-isa, hindi siksik, sa nakatalagang bagstand.
- Ang mga bote at garapong babasagin na hindi maideposito ay maaaring ipunin at isauli kasama ng mga naidedepositong babasagin.

# Pag-recycle ng Nababanat na Plastik, Packaging na Foam, at Hindi Naidedepositong Garapon at Bote




SA

SARCAN RECYCLING

Panlipunang Responsibilidad

Pangangalaga sa Kalikasan

Pagbubuo ng Komunidad

# Tinatanggap na Plastik:

- **Mga plastic bag at overwrap,** tulad ng mga shopping bag; supot para sa tinapay, prutas at gulay, at dry cleaning; mga bag ng water softener salt at mga produktong pang-hardin; balot ng diaper, paper towel, at mga produktong pang-kalinisan ng kababaihan; pati na rin ang balot ng mga pakete ng inumin, mga kutson, at mga electronic na gamit.
- **Mga stand-up at zipper-lock na supot** para sa frozen na pagkain (hal. berries, gulay, hipon); mga bag para sa pag-iimbak ng pagkain, sandwich, freezer, at vacuum-sealed na pagkain
- **Mga supot at balot ng tsitsirya,** kendi, dried pasta, cereal, at iba pa; pati mga balot ng cheese slices, snack bars, instant noodles, at iba pa
- **Nababanat na packaging na may plastik** na selyo para sa sariwang pasta, mga nakabalot na karne at keso, at iba pa
- **Hinabi na plastik at net na supot** para sa avocado, sibuyas, dalandan, at iba pa
- **Mga supot na hindi pangpagkain,** tulad ng shipping envelope, plastic air packet, at bubble wrap
- **Transparent na single-use na supot**
- **Mga reusable na plastik bag** (ibinibigay o binibili sa mga tindahan kasama ng produktong binili)
- **Malalambot na cushion packaging** (polyethylene foam)
- **Plastik shrink wrap**
- **Mga biniling gift bag at kahonReusable plastic curbside recycling bags**
- **LDPE/HDPE plastic sheets**
- **Plastic bubble wrap**

✗ Supot ng basura, matitigas na plastik, plastic squeeze tube, papel na may plastik lining, kulubot na cellophane para sa mga floral arrangement, at iba pa; mga 6-pack ring, vinyl (PVC #3), at biodegradable na plastik

# Tinatanggap na Foam Packaging:

- **Mga foam na lalagyan at tray** ng pagkain, tulad ng tray ng karne, foam na karton ng itlog, foam clamshell, foam na baso at mangkok, at iba pa (kasama rito ang puti at may kulay na foam)
- **Foam cushion packaging** na ginagamit pangprotekta ng mga electroniks, maliliit na appliances, at iba pa.

✗ Pang-insulasyon na Foam, packing chips at peanuts, foam na gamit pangproteksiyon at malalambot, at foam noodles

## May ire-recycle ka bang hindi nakalista?

Marami kaming tinatanggap, pero hindi lahat ay nare-recycle sa SARCAN. Para malaman kung paano i-recycle ang iba pang gamit sa bahay, bisitahin ang "Where to Recycle" database ng Saskatchewan Waste Reduction Council sa

**www.saskwastereduction.ca**

# Babasaging Bote at Garapon na Hindi Maideposito:

- **Garapon ng pagkain,** tulad ng mga garapon ng pickles, condiments, jams/jellies, sauces, salsa, gulay
- **Bote ng pagkain** (vinaigre, langis, sauces)
- **Bote ng juice para sa sanggol**
- **Garapon para sa home canning**
- **Lalagyan ng pagkain na gawa sa babasagin**

✗ Mga pinggan at kaserola, bintana at salamin, bombilya, mga produktong ceramic

SARCAN RECYCLING